ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
Bayan ng Santa Cruz

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN NOONG IKA-17 NG PEBRERO, 1999, MIYERKULES, SA GANAP NA IKA-9:05 NG UMAGA.

DUMALO:

| | |
|---|---|
| KGG. HEIDI S. CIRIACO ............ | PANG. PUNONG BAYAN Tagapangulo |
| Kgg. Eugenio A. Javier, Jr. ...... | Kagawad |
| Kgg. Florencio C. Odejar ......... | Kagawad |
| Kgg. Ricardo B. Ramirez .......... | Kagawad |
| Kgg. Bernardo E. Ison ............ | Kagawad |
| Kgg. Louie C. de Leon ............ | Kagawad |
| Kgg. Ariel T. Magcalas ........... | Kagawad |
| Kgg. Edgardo T. Forca ............ | Kagawad |
| Kgg. Jaime Alexander T. Calupitan. | Kagawad |
| Kgg. Angelito U. Limjuco ......... | Kagawad |
| Kgg. Jeffrey A. Villaseñor ....... | Kagawad |

KAPASIYAHAN BLG. 047-T'99

KAPASIYAHANG HUMIHILING SA KGG. VICENTE C. RIVERA, KALIHIM NG KAGAWARAN NG TRANSPORTASYON AT KOMUNIKASYON, NA PAGKALOOBAN ANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LAGUNA NG TULONG PINANSIYAL NA NAGKAKAHALAGA NG LIMANG MILYONG PISO (P5,000,000.00) UPANG MAGSILBING GUGULIN SA PAGPAPAGAWA NG PAMBAYANG DAUNGAN, SA BARANGAY SAN PABLO NORTE NG BAYAN NG SANTA CRUZ, LAGUNA.

**SAPAGKA'T,** ang bayan ng Santa Cruz, Laguna ay matatagpuan sa may baybaying lawa ng Laguna;

**SAPAGKA'T,** ang bayan ay salat pa rin sa pasilidad na magpapagaan sa paghahanapbuhay ng mga mangingisda at mamimili ng kanilang produkto;

**SAPAGKA'T,** ang kalagayang pantrapiko ay palubha ng palubha, na nagiging panganib sa pag-usad ng ekonomiya ng bayan;

**SAPAGKA'T,** ang pagkakaroon ng Pambayang Daungan ay magsisilbing pondohan ng mga mangingisda sa lawa at sentro ng pamilihan ng isda;

**SAPAGKA'T,** ang pagkakaroon ng daungan ay magpapaluwag sa daloy ng panglupang trapiko kung saan ang mga kalakal at mamimili ay maalwang makararating sa pamilihang bayan sa pamamagitan ng pantubig na sasakyan;

**SAPAGKA'T,** ang pamahalaang bayan ay nasasalat sa pananalapi at walang kakayahang pansarili upang maipagawa ang proyektong ito;

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO,** sa mungkahi ng Kgg. Kag. Louie C. de Leon, na pinangalawahan ng Kgg. Kag. Florencio C. Odejar at sa pagsang-ayon at pakikiisa ng lahat na doo'y kaharap, ay

**PINAGPASIYAHAN:** Na hilingin sa Kgg. Vicente C. Rivera, Kalihim ng Kagawaran ng Transportasyon at Komunikasyon na pagkalooban ang bayan ng Santa Cruz, Laguna ng tulong pinansiyal na nagkakahalaga ng P5M upang magsilbing gugulin sa pagpapagawa ng Pambayang Daungan sa Barangay San Pablo Norte ng Bayan ng Santa Cruz, Laguna.

INIUUTOS: Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kgg. Vicente C. Rivera, Kalihim ng Kagawaran ng Transportasyon at Komunikasyon, Maynila, Kgg. Kinatawan ng ika-4 na Distrito ng Laguna, Kgg. Punong Bayan, Pambayang Inhinyero at Pambayang Pinuno sa Pagpaplano at Pagpapaunlad, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

PINAGTITIBAY.

PINATUTUNAYAN kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

JEANETTE P. ALFONSO
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATUTOO:

HEIDI S. CIRIACO
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY:

DOMINGO G. PANGANIBAN
Punong Bayan

BINIGYANG-PANSIN:

RODOLFO S. SAN LUIS
Kinatawan, Ika-4 na Distrito ng Laguna

SANGGUNIANG BAYAN
RECORDED
BY:
DATE 2-23
STA. CRUZ, LAGUNA